Pabahay at mga Makatwirang Akomodasyon para sa mga Taong may Kapansanan

FAQ

Pinoprotektahan ng batas ng California ang mga tao mula sa diskriminasyon sa pabahay. Ang batas na ito ay tinatawag na Fair Employment and Housing Act, o FEHA. Binibigyan ng FEHA ang mga taong may kapansanan o Persons with Disabilities (PWD) ng karapatang humiling sa kanilang nagpapaupa (landlord) o iba pang tagapagbigay ng pabahay (housing providers) na gumawa ng eksepsiyon o pagbabago sa mga tuntunin o patakaran upang magamit at matamasa nila ang kanilang pabahay. Ang paksang ito ay karaniwang tinutukoy bilang "mga makatwirang akomodasyon" (reasonable accommodations)

Kalakip ng dokumentong ito ay ang pangkalahatang buod ng mga karapatan at obligasyon sa proseso ng makatwirang akomodasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga madalas itanong (FAQs). Ang mga FAQ na ito ay hindi tumutugon sa lahat ng isyu at sitwasyon na may kaugnayan sa mga makatwirang akomodasyon, at hindi tinutugunan ng mga ito ang hiwalay na paksa ng "mga makatwirang modipikasyon" (reasonable modifications) o iba pang proteksyon sa pabahay para sa mga taong may kapansanan.[1] Para sa karagdagang impormasyon sa mga makatwirang modipikasyon, bisitahin ang aming factsheet sa bit.ly/reasonable-modifications.

1 | Ano ang makatwirang akomodasyon?

Ang makatwirang akomodasyon (reasonable accommodation) ay isang eksepsiyon, pagbabago, o pagsasaayos sa mga tuntunin, patakaran, gawain, o serbisyo na kinakailangan upang mapahintulutan ang isang nangungupahan (tenant), residente, o aplikante na may kapansanan na magkaroon ng pantay na pagkakataon na magamit at matamasa ang pabahay.[2]

Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng makatwirang akomodasyon para sa mga taong may kapansanan ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagtatalaga ng accessible na paradahan
- Paggawa ng eksepsiyon sa patakarang nagbabawal sa pag aalaga ng hayop (no-pets policy) para sa isang hayop na nagbibigay ng emosyonal na suporta (emotional support animal)
- Pagbabago sa petsa ng pagbabayad ng upa
- Pagpapahintulot sa ibang tao na pumirma (cosign) sa lease o magbayad ng upa
- Pagpapahintulot sa nangungupahan na magkaroon ng live-in aide (katulong na nakatira sa unit)

1 Ang mga regulasyon tungkol sa mga makatwirang akomodasyon at makatwirang modipikasyon ay matatagpuan sa California Code of Regulations, title 2, sections 12176 hanggang 12185. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksyon laban sa diskriminasyon sa pabahay na may kaugnayan sa mga kapansanan ay matatagpuan sa factsheet ng CRD na "Disability Discrimination," na makukuha sa: https://bit.ly/3TZIUDI

2 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12176(a).

- Pagpapahinto o pagpapaliban ng pagpapalayas (eviction)
- Pagbibigay sa isang nangungupahan ng mas mahabang panahon para lisanin ang isang unit
- Paglilipat sa isang nangungupahan sa ibang unit
- Pagpapahintulot ng karagdagang oras para sumunod sa isang tuntunin o patakaran
- Pag-isantabi (waiving) sa bayad para sa pagputol ng kontrata sa pag-upa (lease)
- Pagbabago sa mga tuntunin ng isang lease
- Pagbibigay ng karagdagang abiso sa nangungupahan para sa mga inspeksyon o pagkumpuni

Kung mayroong pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan para sa isang akomodasyon, dapat ipagkaloob ng mga tagapagbigay ng pabahay (housing providers) ang mga makatwirang akomodasyon maliban kung ang kahilingan ay magdudulot ng 1) labis na pasaning pampinansyal o administratibo (undue financial or administrative burden); 2) isang pundamental na pagbabago sa mga serbisyo o operasyon ng tagapagbigay ng pabahay; o 3) isang direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba o magdudulot ng malaking pinsala sa ari-arian (tingnan ang tanong 8 at tanong 9).[3] Ang hindi pagbibigay ng makatwirang akomodasyon ay isang uri ng diskriminasyon sa pabahay.[4]

2 | Sino ang kinakailangang magsaalang-alang sa mga kahilingan para sa mga makatwirang akomodasyon?

Sakop ng FEHA ang lahat ng tagapagbigay ng pabahay, kabilang ang mga kumpanya sa pamamahala ng ari-arian (property management companies), mga nagpapaupa (landlords), at mga asosasyon ng mga homeowners (homeowners associations o HOAs).[5] Gayunpaman, ang kinakailangang ito ay angkop din sa sinumang tao o entidad na nagbibigay ng pabahay o mga serbisyong may kaugnayan sa pabahay. Kabilang dito ang mga pampublikong awtoridad sa pabahay (public housing authorities), mga pampublikong unibersidad, mga appraiser ng pabahay, mga nagpapahiram ng mortgage, at mga ahente ng real estate.[6]

3 | Ano ang “kapansanan” sa ilalim ng batas sa patas na pabahay ng California?

Sa ilalim ng FEHA, ang kapansanan ay isang mental o pisikal na kondisyon o karamdaman na naglilimita sa isang tao upang magampanan ang kaniyang pangunahing aktibidad sa buhay (major life activity).[7] Ang “pangunahing aktibidad sa buhay” ay malawak ang kahulugan at kabilang dito, halimbawa, ang mga pisikal na aktibidad (tulad ng paglalakad,

3 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(a), (b).
4 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12927(c)(1); 12176(c), (d)
5 Cal. Code Regs., tit. 2, §§ 12005(v), (w).
6 Gov. Code § 12955(e), (i), (l); Cal. Code Regs., tit. 2, § 12161 (4), (5).
7 Code § 12926(i), (j), (m).

pagligo, pagtayo, pagtulog, at paghinga), mga mental na aktibidad (tulad ng pag-iisip, pagbabasa, at pag-concentrate), at mga sosyal na aktibidad (tulad ng pakikipag-ugnayan sa iba).[8]

4 | Ano ang kailangang gawin ng isang tao upang humiling ng makatwirang akomodasyon?

Ang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon ay hindi kinakailangang gawin gamit ang anumang partikular na mga salita o pamamaraan.[9] Bagama't maaaring mas gusto ng isang tagapagbigay ng pabahay na gawin ang kahilingan sa isang partikular na paraan, o gamit ang mga partikular na form, hindi nila maaaring tanggihan ang isang kahilingan dahil sa hindi pagsunod sa naturang proseso. Ang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon ay itinuturing na ganap sa oras na humingi ang humihiling ng akomodasyon. Kasama dito ang kahilingang ginawa sa pamamagitan ng salita, sulat, o ng isang kinatawan – gumamit man o hindi ng terminong "makatwirang akomodasyon."

5 | Kailan maaaring gawin ang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon?

Maaaring gawin ang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon anumang oras. Kasama dito ang panahon ng proseso ng aplikasyon, bago o pagkatapos bumili ng bahay o pumirma ng lease,[10] sa panahon ng pag-upa o paninirahan sa isang tahanan o paupahang unit, sa panahon ng paglilitis (litigation), o pagkatapos ng paglilitis, at pagkatapos ng paghatol sa mga angkop na pagkakataon.[11] FHalimbawa, ang isang nangungupahan na pinapaalis dahil sa pag-aalaga ng aso na labag sa lease ay humiling ng makatwirang akomodasyon para sa isang emotional support animal sa panahon ng paglilitis sa pagpapalayas. Dapat isaalang-alang at ipagkaloob ng nagpapaupa ang kahilingan kung mayroong pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan para sa akomodasyon, maliban kung ang kahilingan ay magdudulot ng 1) labis na pasaning pampinansyal o administratibo; 2) isang pundamental na pagbabago sa mga serbisyo o operasyon ng tagapagbigay ng pabahay; o 3) isang direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba o magdudulot ng malaking pinsala sa ari-arian (tingnan ang tanong 8 at tanong 9).[12]

6 | Maaari bang humiling ang tagapagbigay ng pabahay ng pagpapatunay na kinakailangan ang hinihiling na akomodasyon?

Oo, ngunit ito ay kapag lamang hindi halata o hindi alam ng taong nagsasaalang-alang sa kahilingan ang kapansanan o ang pangangailangan para sa akomodasyon. Halimbawa, kung ang isang nangungupahan ay humiling na italaga sa kanya ang susunod na

8 Gov. Code § 12926(j)(1)(C), (m)(1)(B).
9 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12176(f)(3).
10 Halimbawa, ang isang nangungupahan ay gumawa ng kahilingan para sa makatwirang akomodasyon na magkaroon ng emotional support animal sa isang gusaling "bawal ang alagang hayop" pagkatapos mapirmahan ang lease. Hindi maaaring tanggihan ng tagapagbigay ng pabahay ang kahilingan dahil hindi ito hiniling bago pumirma ng lease dahil ang akomodasyon ay maaaring hilingin anumang oras.
11 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12176(f)(3); § 12176(f)(8) (mga kahilingan para sa makatwirang akomodasyon sa mga unlawful detainer).
12 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(a), (b).

mababakanteng unit sa unang palapag dahil siya ay gumagamit ng wheelchair, ang kapansanan at ang pangangailangan para sa akomodasyon ay halata, ay hindi dapat humingi ng karagdagang patunay ang tagapagbigay ng pabahay.[13]

Kung ang kapansanan ng tao ay hindi hayag o alam ng tagapagbigay ng pabahay, maaari lamang silang humingi ng impormasyong kinakailangan upang maitatag na (1) ang tao ay may kapansanan; (2) paglalarawan ng kinakailangang akomodasyon; at (3) impormasyong nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng kapansanan ng tao at ng hinihiling na akomodasyon, kabilang ang kung paano ito kinakailangan upang mabigyan ang taong may kapansanan ng pantay na pagkakataon na magamit at matamasa ang kanilang pabahay.[14] Hindi maaaring humingi ang tagapagbigay ng pabahay ng impormasyon tungkol sa diagnosis o medikal na kasaysayan ng isang tao o hilingin na pumirma sila ng isang release form para makausap ng tagapagbigay ng pabahay ang isang medikal na propesyonal o ibang ikatlong partido.[15]

Halimbawa, ang isang nangungupahan na may kapansanan sa kalusugan ng isip ay humiling na ilipat sa isang unit sa mas tahimik na bahagi ng apartment complex ngunit hindi halata o alam ng nagpapaupa ang kapansanan maging ang pangangailangan para sa akomodasyon. Maaaring humingi ang nagpapaupa ng limitadong impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng kapansanan at ang pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan para sa kahilingan. Bilang tugon, sapat na para sa nangungupahan na magbigay ng sulat mula sa isang healthcare provider na nagsasaad na kinakailangan ang isang mas tahimik na unit upang matulungan ang nangungupahan na mapamahalaan ang mga sintomas ng kanilang kapansanan.

7 | Maaari bang humiling ang tagapagbigay ng pabahay ng dokumentasyon ng kapansanan o ng pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan mula sa isang doktor?

Hindi. Ang patunay ay maaaring magmula sa anumang mapagkakatiwalaang pinagmulan na nasa posisyon upang malaman ang tungkol sa kapansanan ng indibidwal o ang pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan para sa hinihiling na akomodasyon.[16] Maaaring kabilang dito ang isang therapist, doktor, nars, hindi medikal na service provider tulad ng isang social worker, peer support group, isang kapani-paniwalang pahayag ng humihiling,[17] o sinumang iba pang mapagkakatiwalaang ikatlong partido na may kaalaman tungkol sa kapansanan ng tao o pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan para sa akomodasyon. Kabilang dito ang isang kamag-anak na nag-aalaga (caregiving relationship) sa taong may kapansanan.[18]

Halimbawa, inaalagaan ng isang anak na babae ang kanyang ina na may dementia. Ibinahagi ng anak na babae ang dokumentasyon upang ipakita kung bakit kailangan ng

13 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12178(b).
14 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12178(c), (d).
15 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12178(e).
16 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12178(g).
17 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12178(f).
18 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12178(g).

kanyang ina ang isang akomodasyon upang matiyak na kasama ang anak na babae sa lahat ng komunikasyon sa pagitan ng tagapagbigay ng pabahay at ng kanyang ina.

8 | Kailan maaaring tumanggi ang isang tagapagbigay ng pabahay na payagan ang isang hinihiling na makatwirang akomodasyon?

Legal na matatanggihan ng tagapagbigay ng pabahay ang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon dahil sa alinman sa mga sumusunod na dahilan:

- Ang tao kung para kanino hiniling ang akomodasyon ay walang kapansanan o hindi makapagpakita ng pangangailangang may kaugnayan sa kapansanan para sa akomodasyon.[19]
- Ang hinihiling na akomodasyon ay magdudulot ng labis na pasaning pampinansyal at administratibo.[20] Kung ang isang akomodasyon ay nagdudulot ng labis na pasaning pampinansyal at administratibo ay tinutukoy batay sa bawat kaso (case-by-case basis) na may pagsasaalang-alang sa ilang salik, kabilang ang:[21]
  - Ang halaga ng hinihiling na akomodasyon
  - Ang mga mapagkukunang pinansyal ng tagapagbigay ng pabahay
  - Ang mga benepisyong ibibigay ng akomodasyon sa taong may kapansanan
  - Ang pagkakaroon ng mga alternatibong akomodasyon na epektibong tutugon sa mga pangangailangan ng taong may kapansanan
- Ang hinihiling na akomodasyon ay magdudulot ng pundamental na pagbabago na magbabago sa mahalagang katangian ng mga serbisyo o operasyon ng tagapagbigay ng pabahayr.[22] Halimbawa, kung ang isang nagpapaupa ay hindi karaniwang namimili (shopping) para sa mga residente, ang isang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon na mamili para sa isang taong may kapansanan ay malamang na maging isang pundamental na pagbabago. Ang hinihiling na akomodasyon ay magdudulot ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba (ibig sabihin, isang malaking panganib ng pinsala sa katawan) o magdudulot ng malaking pisikal na pinsala sa ari-arian ng iba, at ang isa pang makatwirang akomodasyon ay hindi makakabawas o makakaalis sa naturang mga panganib.[23]

9 | Paano matutukoy kung ang hinihiling na akomodasyon ay nagdudulot ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba, o magdudulot ng malaking pisikal na pinsala sa ari-arian ng iba?

Upang matukoy kung ang isang hinihiling na akomodasyon ay magiging direktang banta, dapat tingnan ng tagapagbigay ng pabahay ang mga indibidwal na kalagayan ng sitwasyon. Tinatawag itong individualized assessment (indibidwal na pagsusuri). Ang

19 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(a).
20 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(b)(2).
21 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(d).
22 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(b)(1).
23 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(b)(3).

individualized assessment ay dapat nakabatay sa obhetibong ebidensya, hindi sa haka-haka, mga pagpapalagay, o mga stereotype tungkol sa hinihiling na akomodasyon, isang partikular na kapansanan, o mga taong may kapansanan sa pangkalahatan.[24] Dapat isaalang-alang ng pagsusuri ang:

- Ang katangian, tagal, at ang kalubhaan ng direktang banta sa kaligtasan, kalusugan, o ari-arian ng iba
- Ang posibilidad na talagang mangyayari ang direktang banta
- Kung mayroong anumang karagdagang o alternatibong makatwirang akomodasyon na mag-aalis sa direktang banta[25]

Halimbawa, hindi maaaring tanggihan ng tagapagbigay ng pabahay ang lahat ng akomodasyon para sa mga emotional support animal na mga pitbull batay sa stereotype na ang mga hayop na ito ay may tendensiyang maging agresibo. Ang pagsusuri ng tagapagbigay ng pabahay ay dapat na nakabatay sa isang pagtatasa ng partikular na hayop na may kaugnayan sa kahilingan.[26]

10 | Kailan at paano dapat tumugon ang isang tagapagbigay ng pabahay sa isang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon?

Dapat isaalang-alang ng tagapagbigay ng pabahay ang mga kahilingan para sa mga akomodasyon sa lalong madaling panahon (promptly). Ang oras na kinakailangan upang tumugon sa isang kahilingan ay nakadepende sa iba't ibang salik, kabilang ang kung ang pangangailangan para sa akomodasyon ay agaran (urgent). Ang hindi pagtugon sa isang kahilingan para sa makatwirang akomodasyon ay labag sa batas na diskriminasyon sa pabahay.

Kung hindi agad maipagkakaloob ng tagapagbigay ng pabahay ang hinihiling na akomodasyon, dapat silang makibahagi sa isang "interactive process" (proseso ng pakikipag-ugnayan), upang makabuo ng potensyal na solusyon.[27] Ang layunin ng interactive process ay magpalitan ng impormasyon at tukuyin, suriin, at ipatupad ang isang makatwirang akomodasyon na may layuning maabot ang isang kasunduan na nagpapahintulot sa indibidwal na may kapansanan ng pantay na pagkakataon na magamit at matamasa ang isang tirahan o oportunidad sa pabahay.[28] Kung matutukoy ng tagapagbigay ng pabahay na hindi nila mapagbibigyan ang kahilingan, dapat silang

24 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(b)(3)(A).
25 Cal. Code Regs. tit. 2, § 12179(b)(3)(B)(i)-(iii). Maaaring humiling ang nangungupahan ng akomodasyon na isaalang-alang ang ebidensya ng rehabilitasyon o mitigasyon (pagpapagaan) upang ipakita na ang panganib ay nabawasan o napagaan na. Halimbawa, maaaring ipakita ng isang nangungupahan na binago nila ang kanilang gamot o muling nakibahagi sa therapy o nagsimula ng mga klase sa anger management. Maaari din itong balangkasin bilang isang kondisyonal na akomodasyon, tulad ng, ang nangungupahan ay maaaring manatili sa kondisyon na patuloy silang dadalo sa therapy sa hinaharap.
26 Tandaan: ang ilang patakaran sa insurance ng bahay, mga lokal na munisipalidad, mga asosasyon ng mga may-ari ng bahay, at iba pang entidad ay may mga patakarang naglilimita sa laki o lahi ng mga hayop na maaaring manirahan sa ilang lugar at ari-arian. Bagama't ang mga entidad na ito ay may karapatang magkaroon ng mga paghihigpit na ito, sila ay sakop din ng FEHA at dapat magbigay ng mga makatwirang akomodasyon para sa mga taong may kapansanan. Kabilang dito ang paggawa ng eksepsiyon sa naturang batas o patakaran para sa isang emotional support animal..
27 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12177.
28 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12177(a).

makipagtulungan sa humihiling upang subukang humanap ng ibang akomodasyon na parehong epektibo sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.[29] Ang interactive process ay dapat mangyari sa tamang oras, at ang tagapagbigay ng pabahay ay dapat gumawa ng patas at tapat na pagsisikap na makibahagi sa interactive process at isaalang-alang ang kahilingan.[30]

11 | Maaari bang magkaroon ng patakarang "bawal ang alagang hayop" (no pets rule) ang isang tagapagbigay ng pabahay?

Oo, ngunit dapat gumawa ng mga eksepsiyon ang tagapagbigay ng pabahay sa tuntunin bilang isang makatwirang akomodasyon kung kinakailangan upang mapahintulutan ang isang taong may kapansanan na magkaroon ng pantay na pagkakataon na matamasa ang pabahay. Ang pagtanggi na payagan ang isang kinakailangang assistance animal ay labag sa batas na diskriminasyon, maliban kung naniniwala ang tagapagbigay ng pabahay na ang kahilingan ay bumubuo ng isang labis na pasaning pampinansyal o administratibo, isang pundamental na pagbabago, o isang direktang banta sa mga tao o ari-arian (tingnan ang FAQ Blg. 8 at 9 sa itaas).[31] A Ang mga assistance animal ay hindi sakop ng mga restriksyon sa lahi, laki, o timbang na karaniwang inilalapat sa mga alagang hayop, at ang mga nangungupahan ay hindi maaaring singilin ng mga pet deposit o pet rent para sa mga ito. Kabilang sa mga assistance animal ang parehong mga service animal at mga emotional support animal.[32] (Tingnan ang FAQ Blg. 12 sa ibaba.) Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang publikasyon ng CRD sa mga service animal.[33]

12 | Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng emotional support animal sa service animal?

Ang emotional support animal (ESA) ay isang hayop na nagbibigay ng emosyonal, kognitibo, o iba pang katulad na suporta sa isang taong may kapansanan upang tulungan sila sa pamamahala ng mga sintomas ng kanilang kapansanan.[34] Ang mga ESA ay tinutukoy din bilang mga comfort animal o support animal. Ang service animal ay isang hayop na sinanay upang magsagawa ng mga partikular na gawain upang tulungan ang isang taong may kapansanan, kabilang ang pisikal, pandama, saykayatriko, intelektwal, o iba pang kapansanan sa isip.[35] Halimbawa, ang mga guide dog ay mga service animal na tumutulong sa mga taong bulag o may malabong paningin sa pag-navigate. Ang mga signal dog ay mga service animal na nag-aalerto sa mga taong bingi o mahina ang pandinig sa mga tunog. Ang ESA ay hindi isang service animal dahil ang ESA ay hindi partikular na sinanay upang tulungan ang isang taong may kapansanan.

29 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12177(c).
30 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12177(a), (d).
31 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12179(a), (b).
32 Cal. Code Regs. Tit. 2, § 12185.
33 https://bit.ly/CRD-Housing-ESA
34 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12005(d)(2); Cal. Code Regs., tit. 2,§ 12185(c).
35 Cal. Code Regs., tit. 2, § 12005(d)(1); Cal. Code Regs., tit. 2,§ 12185(b).

Bukod pa sa mga batas sa patas na pabahay, may iba pang mga batas ng California at pederal na partikular na nagpoprotekta sa karapatan ng mga taong may kapansanan na ma-access ang mga negosyo, kabilang ang pabahay, kasama ang kanilang mga service animal.[36] Samakatuwid, ang mga taong may kapansanan ay hindi kailangang humiling ng makatwirang akomodasyon upang manirahan ang kanilang mga service animal sa kanilang tahanan. Sa halip, ang mga tagapagbigay ng pabahay ay limitado sa pagtatanong ng dalawang tanong upang matukoy kung ang hayop ay isang service animal: 1) "Ikaw ba ay isang indibidwal na may kapansanan?" at 2) "Ano ang gawaing sinanay sa hayop para matugunan ang iyong pangangailangan?"[37]

13 | Ano ang maaaring gawin kung tumanggi ang isang tagapagbigay ng pabahay na payagan ang isang makatwirang akomodasyon o kung hindi man ay lumabag sa Fair Employment and Housing Act?

Kung sa palagay mo ay nilabag ng isang tagapagbigay ng pabahay ang iyong mga karapatan sa ilalim ng FEHA, maaari kang maghain ng reklamo sa CRD. Dapat mong ihain ang iyong reklamo sa loob ng isang taon mula sa mga petsa ng (mga) sinasabing insidente.

https://calcivilrights.ca.gov/complaintprocess

36 Civil Code § 51 et seq.; Civil Code § 54.1 et seq.; 42 U.S.C. § 12101 et seq.; 28 C.F.R. § 36.302(c).
37 Cal. Code Regs., tit. 2,§ 12185(b).

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Civil Rights Department

calcivilrights.ca.gov/complaintprocess

Walang Bayad: 800.884.1684

TTY: 800.700.2320

California Relay Service (711)

Have a disability that requires a reasonable accommodation? CRD can assist you with your May kapansanan ba na nangangailangan ng makatwirang akomodasyon? Maaaring tulungan ka ng CRD sa iyong reklamo. Para sa mga pagsasalin ng gabay na ito, bisitahin ang www.calcivilrights.ca.gov/posters/housing.

Ang gabay na ito ay para sa mga layuning pang-impormasyon lamang, hindi nagtatatag ng substantibong patakaran o mga karapatan, at hindi bumubuo ng legal na payo. Kung mayroong salungatan sa pagitan ng batas at ng FAQ na ito, ang batas ang mananaig